

Bagong Taong Sulat 2016
Maging maawain kayo gaya ng pagiging maawain ng
inyong Amang nasa langit

Isang Mensahe sa Paglalakbay sa Espesyal na Taon ng Awa

Sa Simula:

Ang ating Santo Papa Fransisko ay nagsabi na ang Banal na Taon ng Awa ay nagsimula na. Ang motto ng Banal na Taon ay “Maging maawain tulad ng Iyong Amang Nasa Langit na Maawain.” Ang awa ay hindi lamang ang saloobin (attitude) ng Ama, kundi panawagan sa atin na mamuhay ng buhay ng awa tulad ng ating Ama sa Langit na maawain. Ang Amang Banal ay humihikayat sa atin na hindi lamang magkaroon ng banal na paglalakbay (pilgrimage), kundi ang gawin ng bawa’t isang Katoliko sa sariling pamumuhay na hindi maging mapanghusga, nagpapatawad, nagbubukas ng puso sa mga maliliit na tao sa lipunan na isinasa-isang tabi (alienated), at makilahok sa mga gawaing pangkawang-gawa.

Sa Diyosesis ng Kyoto, dalawang taon na nating pinagtutuunan ng pansin ang mga mahihirap na siyang pinili ng Diyos, at nakikita natin na ang temang awa ay tunay na kaugnay ng awa. Sa espesyal na sulat pastoral nung ika-29 ng Nobyembre, ang Unang Linggo ng Adbiyento, “Tungkol sa Pagpasok ng Banal na Taon ng Awa,” sumulat ako tungkol sa mahahalagang bagay ng Banal na Taon. Nais kong pagtuunan ng pansin ninyong lahat ang kahalagahan ng “Awa ng Diyos.”

1. Tala: “Awa” at pagmamahal “affection/paggiliw” ay sinadyang isulat sa hiragana sa halip na Chinese character sa sulat na ito.
2. Tala: Ang Bull of Indiction na inilabas upang ipatupad ang Banal na Taon ng Awa, Misericordiae Vultus (Ang Maawaing Mukha) ay kakaiba sa Encyclical na “Dives in Misericordia” (Diyos ng Awa) na ipinatupad nung 1980 ni Santo Papa Juan Pablo II.

1. Ang ating Ugnayan sa Diyos ng Awa

Sa ating pansariling pananampalataya, sinasabi ni Papa Fransisko na ang kahulugan ng banal na awa ay bagama’t tayo ay mahina dahil sa ating pagiging makasalanan ito ang nagpapalakas at nagbibigay daan upang matagpuan ang bagong pag-asa tungo sa pagiging kaisa ng Diyos. (“Bull of Indiction” 2) Ang Awa ng Diyos, kasama ng karukhaan, ang tema na nagbubukod tangi sa espesyal na ugnayan nating mga Kristiyano sa Diyos. Ang Diyos na siyang gumawa ng sansinukob ay sinadyang likhain ang tao na kawangis Niya, bugso nang kanyang walang hangganang pag-ibig. Nguni’t kahit na nagkasala si Adan at Eba, ang Diyos ay hindi nahadlangan ng ganitong paghamak, bagkus lalo pang nagpakita ng kanyang nag-uumapaw (overwhelming) na malasakit. Ito ang tunay na pagmamahal ng Diyos.

Mababasa natin sa Exodo ang pagpapahayag ng Diyos kay Moses ng kanyang tunay na kalikasan: “Dumaan si Yawe sa kanyang harap at sumigaw ‘Si Yawe, si Yawe ang Diyos na maawain at mapagpatawad,

banayad sa pagkagalit at sagana sa kabutihang loob at katapatan. Nagpakita siya ng kabutihang loob sa libu-libong salinlahi at pinatatawad ang kasamaan, paghihimagsik at kasalanan.” (Exodo 34, 6-7). Isinalaysay sa Lumang Tipan, kahit nagtaksil sa Kasunduan ang tribong Israel, ang Diyos ay hindi tumitigil na maging mapagpasensya at muli’t-muling nagpakita ng Kanyang pagmamahal at awa. Tunay na ayon sa Banal na Tipan ang Diyos ay nagbibigay ng “katarungan at pagkakapantay-pantay” nguni’t kasabay nito ang Kanyang saloobin ng awa at pag-ibig na sumasakop sa kasaysayan ng kanyang relasyon sa tribu. (Hosea 2, 21) Muli’t-muling sumisigaw ang tribu sa Diyos, “Panginoon, kaawaan mo kami,” (Salmo 4, 2; 6, 3; 9, 14; 25, 16, etc.) at “Purihin ang Panginoon, sapagkat siya ay mabuti, sapagka’t magpasawalang hanggang ang pag-ibig niya.” (Salmo 107, 1), umiiyak silang nagpapasalamat at nagpupuri. Tayo rin, na umaasa sa awa ng Diyos, habang humihiling ng kapatawaran, ay pumapasok sa isang malalim at personal na ugnayan sa Diyos.

2. Hesus, Ang Mukha ng Awa

Ang kahulugan sa pagtuklas ng panananamplataya

Natutuklasan natin ang awa ng Diyos sa ating pakikisalamuha sa Anak na siyang ipinadala ng Ama. Sa Bull of Indiction na pinamagatang “Misericordiae Vultus” (Ang Maawaing Mukha) na ipinatupad sa Banal na Taon ng Awa ni Papa Fransisko sinasabi na “si Hesuskristo ay ang maawaing mukha ng Ama. Malalaman natin ang awa ng Diyos kapag minasdan ang mukha ni Hesus. Sinulat nga ni Juan na sinabi ni Hesus sa Kapitulo 14, talata 9, “Ang sinumang nakakita sa akin ay nakakita sa Ama.” Sa salita at gawa, ipinakikita ni Hesus ang mukha ng makapangyarihang Ama. Sa taong nakatuklas ng kalaliman ng pagmamalasakit ni Kristo, malinaw na ang Diyos ay puno ng awa. (Efeso 2, 4) Itong Diyos ng pag-ibig ay mismong nakita kay Kristo. 2)

Si Kristo ay nagkatawang tao upang kanyang maranasan ang pagdurusa ng mga tao na kanyang sasagipin. Bagama’t ang salitang “Awa” ay maaaring hindi ginagamit sa Bibliya, maaaring sabihin na si Hesus, sa lahat ng kanyang ikinilos, ay siyang patunay na pagkakatawang tao ng awa ng Diyos at ito ay hindi matatagpuan sa ano pa mang anyo. Ang buong buhay ni Hesus at ang pinakamataas na pagsasakripisyo ng Kanyang sarili sa Krus, ay may misyon at layunin na ipakita ang kalaliman ng awa ng Ama. Sa Banal na Taong ito ng Awa, ating pagnilayan ang awa ng Ama at anak na si Hesus sa kanilang ginawang pagmamalasakit na matatagpuan sa Bibliya.

3. Paggigin Maawain tulad ni Hesus

Sa pananaw ng pagiging mulat sa Pananampalataya

Upang maunawaan kung anong uri ng tao ang pinagdalan ni Hesus ng mabuting balita ng mahabaging puso ng Diyos, tingnan natin ang unang bahagi ng Kanyang paglilingkod. (cf Lukas 4, 18-19) Sila ang mga mahihirap, mga taong walang tulong, mga inalipin, mga may problema sa paningin, ang mga inaapi ng kawalan ng katarungan sa lipunan, at yung mga itunuturing na makasalanan. Ang hindi natin dapat malimutan ay ang hayagang nakasulat na si Hesus ay may malalim na pagkakandili sa mga taong ito. Ang dapat nating bigyan ng pansin ay yung si Hesus na hindi gumawa ng

milagro nang walang malalim na pagmamalasakit sa taong naghihirap. Sinasabi nang hayagan na sa kanyang “damdaming pagkakandili,” sila ay pinagaling ni Hesus. Sa salitang Griyego, ang “damdaming malasakit” (“feeling of compassion”) ay may kahulugan tungkol sa bagay na nagmumula sa kaloob-looban ng tao. (Gawa 1, 18) na ang pandiwa na “purankunizomai” ay ginamit. Dala nito ang kahulugan ng bagay na pumipiga (wring) sa kaloob-looban ng tao. Sa salin ng Iwanami, matatagpuan natin ang tila’y pagkakaroon ng pakiramdam na pinupunit ang ating kaloob-looban. Ang awa ay nangangahulugan ng pagmamalasakit sa kapwa na nagdurusa na siyang nagtutulak sa kailaliman ng kaluluwa. Sinita ni Hesus ang mga Pariseyo sa kanilang pagkukunwari dahil hindi tunay ang kanilang pagbibigay ng bahagi ng kita (tithes) para sa kawanggawa, kundi may nakatagong kawalan ng malasakit. (cf Lukas 11, 41) Ang pakikiramay ay hindi nagmumula sa pagiging sakim o sariling kaligayahan. Imbes, ito ay nagmumula sa wagas na hangarin. (cf. Mateo 6, 14) Ang tunay na awa ay nagmumula sa pakikiramay na mula sa kaibuturan ng ating puso.

4. Ang Maawaing Punong Pari

Sa kahulugan ng Pag-aaral ng Pananampalatayang Kristiyano

Sa Hebreyo ay nagsasabi tungkol sa “Maawain at Tapat na Punong Pari” (Hebreyo 2, 17). Sa Pista ng Pagtubos isang beses sa isang taon ang pagpasok ng Punong Pari sa Santo ng mga Santo sa isang seremonya ng pagsasakripisyo sa Diyos sa ngalan ng mga tao, para sa kanilang mga kasalanan at para sa kasalanan ng mga tao ng Israel. Nguni’t upang matubos ang ating mga kasalanan ang walang kasalanang Kristo ang naghandog minsan lamang at para sa ating lahat ng Kanyang Sarili bilang buhay na sagradong sakripisyo sa krus na ayon sa habilin ng kanyang Amang nasa Langit. Ang Punong Paring ito ay si Hesukristo na may “malasakit nga sa mga mangmang at naliligaw sapagkat balot din siya sa kahinaan.” (Hebreyo 5, 2) “Nakikiramay nga ang ating punong pari sa ating mga kahinaan dahil tulad nati’y sinubok din siya sa lahat nguni’t hindi siya nagkasala.” (Hebreyo 4, 15). Dahil dito mayroon tayong Punong Pari na mahabagin. Hindi niya tinitingnan nang mababa ang mga nalugmok sa hirap. Tayo na nababalot sa gitna ng kasalanan at kahinaan ang tumatawag sa Kanya na siyang Punong Pari, at tinatawag nating Kapatid. Kaya sa Mahal na Araw sa taong ito ating pagmasdan nang husto ang malasakit na ipinakita sa atin bilang kabayaran sa ating katubusan na inialay sa Ama sa pamamagitan ng krus.

5. Pagiging Mapagpatawad

Sa kahulugan ng Sakramentong Pananampalataya

Ang Santo Papa Fransisko ay nagpayo sa ating mga Kristiyano na nakatanggap ng kanyang pagpapatawad mula sa Ama na ipakita ang awa ng Diyos bilang mahusay na simbolo sa pagiging “instrumento ng pagpapatawad.” (Sulat Pastoral #14) Paano tayo na nakatanggap ng pagtubos mula sa Diyos sa pamamagitan ng Pagkapako kay Kristo ay makakalimot at magiging mapagmalaki at mayabang sa ibang tao? Bago sabihin ang parabola ng isang walang awang opisyaales at lubusang patawarin ang mga pagkakasala ng ating mga kapatid, “Hindi, hindi pitong

beses kundi pitumpu't pitong beses. (Mateo 18, 22) At sa pagtatapos ng parabola idinagdag niya, "Masamang utusan, pinatawad ko ang lahat ng iyong utang nang makiusap ka sa akin. Di ba dapat ay naawa ka rin sa iyong kasamahan gaya ng pagkaawa ko sa iyo?" (Mateo 18, 33) Sa pamamagitan ng kamatayan ni Hesus sa krus, ang ating utang na hinding-hindi natin mababayaran kung tayo lamang, ay naglaho. Malinaw na normal lamang na tayo, na siyang tumanggap ng pagpapatawad, ay dapat magpapatawad sa mga taong may pagkakasala sa atin. Hindi magiging maayos ang mga ugnayan ng mga tao at ang lipunan kung walang pagpapatawad na nakabatay lamang sa katarungan. Sa pagpapatawad sa mga nagkasala sa atin, maaaring makaranas tayo ng sakit at pagkawala. Ito nga ang dahilan kung bakit hindi dapat kalimutan na tayo ay tumanggap ng hindi mabibilang na awa mula sa Ama. Pinagsabihan tayo ni Pablo sa ganitong salita, "Magpakabait kayo, at magkaroon ng malasakit, at magpatawad sa isa't isa tulad ng pagpapatawad sa inyo ng Diyos kay Kristo." (Efeso. 4, 32) Sa bagong tipan na ito, dapat tayong magpatawad ng kasalanan ng iba, at maging saksi sa biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng pagkakaroon ng bagong pamumuhay. Tayo ay dapat maging kasangkapan ng pagpapatawad, hindi lamang sa tahimik na paraan sa pamamagitan ng hindi paghusga o pagpipigil na gumanti, kundi ang aktibong pagpapatawad sa iba at ang paggawa ng maganda sa kanila.

6. Pinagpala ang maawain

Sa kahulugan ng pagsasabuhay ng Pananampalataya

Ipinahayag ni Hesus ang biyaya ng tuwa sa anyo ng pagmamalasakit sa iba at sa tuwina'y nabababalot ng biyaya ng Diyos. Sa ikalimang Mapapalad (Beatitude) na Sermon sa Bundok sinabi ni Hesus, "Mapapalad ang mga maawain sapagkat kaaawaan sila." (Mateo 5, 7) Hindi ibig sabihin nito na ang mga maawaing tao ang tatanggap ng awa, at kaya sila ay liligaya. Ito ay pagpupuri sa mga taong maligaya dahil nakatanggap sila ng biyaya ng Diyos at nagsusumikap na maging maawain. Tayo ay maawain dahil tayo ay nakatanggap ng katubusan ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo, at kaya tayo ay may kakayanang maging maawain. Nakakaya nating maging maawain dahil nakatanggap tayo ng awa. Lalo pang ibinubuhos ng Diyos ang awa sa mga nagsusumikap na maging maawain.

Kapag lalo tayong naging maawain, lalo tayong nagiging kawangis ng Diyos. Ang taong maawain ay nagiging mulat sa kalagayan ng mga taong nasa paligid niya, ang mga maliliit na taong nangangailangan ng kanyang tulong, at itinuturing ang mga ito bilang kapwa-tao, masiglang nagsisikap na maging kapwa nila. Hindi ito simpleng pagkakaroon ng malasakit sa mga taong ito, kundi talagang kumikilos para mapabuti ang kanilang kalagayan. Tandaan natin ang magiliw at lubusang kabaitan na nagbunsod sa Mabuting Samaritano para magpakita ng awa. Sa Unang Sulat ni Juan ay nakasulat, "Kung may nagtatamasa sa yaman ng mundo at ipinipinid ang kanyang puso sa kapatid pagkakita niya sa mga kailangan nito, paano nasa kanya pa ang pag-ibig ng Diyos? (1 John 3, 17) Magsikap tayo na makita ang pangangailangan ng iba sa ating pang-araw-araw na buhay, at masigasig tayong kimilos at magpamalas ng masaganang awa.

7. Ang Ligaya ng Ama sa Alibughang (Prodigal) Anak

Sa kahulugan ng Pananampalataya

Balikan natin ang parabola ng Alibughang Anak (Lukas 15, 11ff.) Ang imahen ng batang lalaki na kinuha ang kanyang mana at umalis patungo sa ibang bansa, nilustay ang kayamanan sa pamamagitan ng masamang pamumuhay ay nagpapahiwatig ng unang lalaking nilikha ng Diyos na kawangis Niya nguni't nawala sa Kanyang biyaya. Kung titingnan ang kasaysayan ng sangkatauhan makikita natin na ang bawa't henerasyon ay may katulad na nangyayari. Ang anak na lalaki na umalis sa kanyang ama ay umamin na hindi na siya karapat-dapat na tawaging anak. Saan kinuha ang ligaya ng Ama? Ang sabi ng Bibliya, "Malayo pa siya nang matanaw ng kanyang ama at naawa ito, patakbo nitong sinalubong ang anak, niyakap at hinalikan," At "sapagkat namatay na ang anak kong ito at nabuhay, nawala at natagpuan." At dahil dito nag-utos siyang magkaroon ng handaan. Makikita natin dito ang lalim ng pagmamahal ng ama na nakabatay sa katotohanang naniwala siyang namatay na ang anak niya, ang banal na imahen ng Diyos sa mga tao ay hindi nawawala, kundi napanatiling buong-buo. Hindi siya nagsasaya dahil naibalik niya ang kanyang pag-aari na iwinala niya mismo, kundi ang katotohanang ang kanyang anak na lalaki, ay hindi nawalan ng kanyang sadyang kabutihan, at nakauwi nang ligtas. Ang pagmamahal na umaapaw sa puso ng Ama ay ipinakikita dito. (Ito ay tunay na maawaing Diyos). Ang Diyos Ama ay walang magawa kundi mahal in ang Kanyang mga anak. Higit pa, kapag ang isang tao ay hindi karapat-dapat (least worthy) na mahal in yun ang panahon kung kailan niya ibinubuhos nang lalo ang pagmamahal sa puso nung tao dahil kailangan niya ng pagmamahal. ("Ang Diyos ng Awa" 2) Ang pagsisisi ay pagpapatunay ng walang hanggang pagmamahal ng Diyos at awa sa tao na hindi pumapalya at tuloy-tuloy na dumadaloy sa puso. Nagpapasalamat tayo na tayo ay makakabalik sa Diyos bilang mga anak Niya sa anumang panahon at maaasahan ang Kanyang pagtanggap na may kaligayahan.

8. Maging ganap kayo gaya ng pagiging ganap ng Amang nasa langit.

Sa kahulugan ng buong Pananampalataya

Tungkol sa hustisya na pumapaibabaw sa katarungan ng mga Pariseyo at eskriba, nagtapos ng sermon si Lucas sa mga salitang, "Maging maawain kayo tulad ng inyong Amang maawain." (Lucas 7, 36). Nguni't ayon kay Mateo ay nasusulat, "Kaya maging ganap kayo gaya ng pagiging ganap ng inyong Amang nasa langit. (Mateo 5, 48) Ano ang ibig sabihin ng pagiging ganap? Sa sulat Griyego ang pandiwa (verb) para sa "maging ganap," o "dumating sa pagiging ganap" ang ginagamit. Sa kahuli-hulihang hiningi ni Hesus sa krus ay nagsalita siya, "Natupad na!" (Juan 18, 28) na gamit ang salitang ito. Ang pangngalan (noun) nito ay "terusu" na may kahulugang ang layunin ay nakamit. Ang layunin ni Hesus ay makamit ang kalooban ng Kanyang Ama, sa pamamagitan ng pag-aalay ng Kanyang buhay bilang pinakamataas na sakripisyo. Kaya, ang "pagiging ganap" ay hindi nangangahulugan na pagiging puting lirio (lily white) na walang bahid ng anumang mantisa ng kasalanan. Bagkus, ang kahulugan nito ay ang pagkaroon ng hangarin na maging katulad ng lumikha, na ibig sabihin ay para maging karapat-dapat na tumanggap ng pagmamahal ng Diyos sa

lahat ng bagay tayo ay nagsusumikap na maging dalisay sa ating hangarin, maglalayon tayo na mag-isip nang may pagmamahal, at sa hangaring ito ay lulubusin natin ang magagagawa sa pagtupad ng anumang kayang posibleng gawin. Ang pagsusumikap sa pagmamahal: ito ang katarungan na umiibabaw sa katarungan ng mga Pariseo at eskriba. Kaya, sabi ni Pablo, “Huwag kayong magkautang kaninuman, liban sa pagmamahalan ng isa’t isa. Tumutupad sa Batas ang nagmamahal sa kapwa.” (Rom. 13, 8) Sinasabi sa Second Vatican Council na, “Ang lahat na mga Kristiyano ay tinatawag na mamuhay sa pagsisikap na matupad ang Kristiyanong pagmamahal at makamit ang ganapan.” (Constitution on the Church 40) Lahat tayo ay kailangang magpatuloy na gumanap ng mga gawang pagmamahal na may dalisay na puso sa kanino man at sa anumang kalagayan.

9. Nang Hindi Binigbigyang Katwiran ang Sarili

Ang mapanuring kahulugan ng pananampalataya

Ang “kahirapan ng puso” (Mateo 5, 3) na hiniling ni Hesus ay ang lubusang pagtitiwala sa Diyos, ang pag-amin sa ating kasamaan at pagiging makasalanan, at ang pagiging mulat sa katotohanan na tayo ay nangangailangan ng tulong ng Diyos. Ang kasalanan ng mga Pariseo at eskriba ay ang mayabang na pagtingin sa sarili nila bilang makatarungan, at sa pamamagitan ng makitid na isip na ito ay pinipigil nila na makapasok sa pagsagip ng Diyos ang mga taong kinikilala nilang makasalanan. Sa mga taong may ganitong pag-uugali, sabi ni Hesus, “*Awa ang gusto ko, hindi handog.*’ Hindi ako pumarito para tawagin ang mabubuti kundi ang mga makasalanan.” (Mateo 9, 13).

Pinagalitan Niya sila sa pagsasabing, “Pagkat pag-ibig ang nais ko, hindi sakripisyo; pagkilala sa Diyos, hindi sinunog na handog” (Hosea 6, 6) hindi sana ninyo hinatulan ang walang-sala. (Mateo 12, 7) Habang nagpupumilit tayo sa ating sariling isip ng kabanalan sa harap ng Diyos, hindi natin kayang maging mapagpakumbaba at maunawaan ang awa ng Diyos. Ang kaaya-aya sa Diyos ay ang pagsisisi at ang pagbabalik sa Ama, at ang hindi magsikap sa mayabang na pagpapa-iral ng sariling pangangatwiran (justification). Ang mga tao ay minahal ng Diyos sa simula pa lamang, kaya hindi kinakailangang bigyang pangngatwiran ang sarili (justify oneself), subali’t dapat ay aminin ang kanyang kababaan at kapangitan, na siya ay hindi karapat-dapat sa awang ito.

Sinasabi ni Papa Fransisko na nalulungkot siya na makita ang mga Kristiyano na nagagalit at humahatol sa bawa’t isa. (Bull #14) Sa Espesyal na Taong ito ng Awa pagnilayan natin ang ating ugnayan sa bawa’t isa, at balikan natin ang salita ni Pedro, “Makitungo kayong lahat sa isa’t isa nang may mababang kalooban sapagkat *tinututulan ng Diyos ang mga palalo ngunit nagbibigay sa mga mapagpakumbaba.*”(I Pedro 5, 5) Magnilay-nilay tayong lahat at isagawa ang mga salitang ito sa ating sariling komunidad.

10. Awa sa magka-ayong ugnayan (mutual relationships)

Pananampalataya sa kahulugan ng komunidad

Sa pagdarasal sa Espesyal na Taon tayo ay may sulat (passage) na nagsasabi, “Umaasa ka na ang lahat na nagsisilbi sa iyo ay nag-aalala sa mga taong mahina, walang alam at pagala-gala sa dilim. Hindi kaya na ang mga taong ganito na nagsisilbi sa iyo ay may pagkakaunawa sa kanilang pangangailangan sa Diyos, at nararamdaman ang pangangailangan ng pagmamahal at pagpapatawad.” Ang dasal na ito ay mula sa isinulat sa Hebreo 2, 17 na sinasabi na si Hesus ay huwaran ng isang “punong paring maawain sa kanila at matapat sa paglilingkod sa Diyos.” Bilang katulong ni Kristo tayo ay hinihikayat na magkaroon ng isip na tulad ni Kristong maawain na, balot sa kahinaan ng sangkatauhan, Siya ay maawain sa mga taong nakapaligid sa kanya na kasama niyang naglalakbay sa anino ng kawalan ng alam at pagkakamali. Ganun din, nagdarasal tayo na ang mga taong makikita natin ay makaramdam sana sa harap ng Diyos na sila ay kailangan, minahal Niya at pinatawad. Ito ang dasal ng Santo Papa Fransisko na nagpapahiwatig ng kanyang malalim na pagpapakumbaba.

Ang pagmamahal na tumatagos sa awa ay nararanasan sa pakikipagkapwa tao, at hindi ito ginagawa nang mag-isa at mapagmataas (overbearing). Bagama’t maaaring lumabas na ang isang bahagi ay agresibo at ang kabila ay tahimik, ang pantay na samahan ay umuusbong mula dito. Halimbawa, may isang kaso na ang mga volunteers ay nakatanggap nang hindi inaasahang saya mula sa mga taong sinisikap nilang tulungan. Sa ibang salita, ang taong nagbibigay ay hindi inaasahang maging tumatanggap. Sa Filipos 2, 1-2 sabi ni Pablo, “Kung puwede ko kayong pangaralan sa ngalan ni Kristo at makikinig kayo sa pagpapayo ng pag-ibig; kung magkasalo tayo sa iisang Espiritu at taglay ninyo ang kabaitan at habag, pasayahin ninyo ako.” Tayo rin, sa pagbibigay ng awa sa tao, ay nagpapaganda ng saya ng maawaing Diyos.

11. Nagagabayan ng Espiritu Santo sa pagpapatawad sa tao

Sa kahulugan ng teyolohiya ng Espiritu Santo

Sa Dasal ng Panginoon (Lord’s Prayer) dinarasal natin, “Patawarin mo kami sa aming mga sala; tulad ng pagpapatawad naming sa nagkakasala sa amin.” Habang humihingi tayo ng kapatawaran sa Diyos sumusumpa tayo na patatawarin ang iba. Ito ang dahilan kung bakit meron tayong salita ni Hesus, “Maging maawain kayo gaya ng inyong Amang maawain. (Lucas 6, 36); “Kaya maging ganap kayo gaya ng pagiging ganap ng inyong Amang nasa langit. (Mateo 5, 48); at “Isang bagong utos ang ibinibigay ko sa inyo: magmahalan kayo! Kung paano ko kayo minamahal, gayon kayo magmahalan.”(Juan 13, 34). Sa lahat ng mga ito, ang Ama at ang Anak ay mga huwaran na dapat nating tularan. Kapag tayo ay nagkukumpisal ng ating mga kasalanan at humihingi ng patawad, hangga’t hindi natin ibinubukas ang sarili natin sa ibang tao na may ginawang masama sa atin at magkaroon ng kapayapaan sa kanila, ang daloy ng awa ay hindi aabot sa ating puso. Upang maibsan ang mga pangungutya at sugat mula sa mga pagkakasala na tinanggap natin mula sa iba, ang isang bagay na magagawa natin ay ang pumaling sa Espiritu Santo. Ang tao ay may kakayahang

magsisi, maging mapighati at magkumpisal ng kanyang mga kasalanan na ayon lamang sa gawa ng Espiritu. Sabi nga ni Pablo, “Kung maka-espiritu tayo, sundin din natin ang espiritu. Wala nang kayabangan, huwag na tayong maglaban-laban o mainggit sa isa’t isa.” (Galasya 5, 25-26) Upang tayo ay parehong maging maawain sa malalim na pagpapatawad sa bawa’t isa, ialay natin ang ating sarili sa Espiritu Santo, at tanggapin ang bunga ng Espiritu nang may mapagpakumbabang puso. (Galasya 5, 22)

12. Isama Natin Kay Maria ang Ating Mga Puso sa Isang Banal na Paglalakbay

Sa kahulugan ng pananampalataya ni Maria

Sa Divine Office for Night Prayers, dinarasal natin ang Awit ni Maria (Lucas 1, 46-55)

“Dinadakila ng aking kaluluwa ang Panginoon at nagagalak ang aking espiritu sa Diyos na aking Tagapagligtas dahil isinaalang-alang niya ang abang utusan niya, at mula ngayon, ituturing akong mapalad ng lahat ng salinlahi.

Dakila nga ang ginawa sa akin ng Makapangyarihan, banal ang kanyang Pangalan.

Patuloy ang kanyang awa sa mga sali’t salinlahi para sa mga may pitagan sa kanya.”

Pinuri ni Maria ang Diyos sa maawaing pagkalinga sa mga abang lingkod Niya, na nagbigay sa kanya ng napakalaking pribilehiyo na maging ina ng Kanyang Anak, na hindi maaaring mangyari nang dahil sa gawa Niya.

Sa Espesyal na Taon ng Awa, magdasal tayo sa biyaya ng pananampalataya at pagpapakumbaba gaya ng kay Maria, purihin ang Diyos na puspos ng awa. Magkaroon tayo ng banal na paglalakbay ng pasasalamat sa Diyos na siyang masigasig na kumikilos sa tagong paraan sa buhay ng bawa’t isa sa atin at sa ating lahat na nakakaharap niya, maging matatag tayo sa pag-asa at pananampalataya sa Ama na patuloy na kumikilos para sa awa dito at ngayon, at sa hinaharap, tuloy tayo kay Maria patungo sa Anak na siyang pintuan ng awa.

Pinagkaloob nitong ika-1 ng Enero 2016, Kapistahan ni Maria, Ina ng Diyos.

Diyosesis ng Kyoto
Obispo Paul Otsuka Yoshinao

Tala: Ang lahat na salin sa wikang Pilipino na salita mula sa Bibliya ay kuha sa <http://www.bibleclaret.org/bibles/tagalog.htm>.